

**Pagtatalaga ng Panayam para sa Aplikante**  
**Interview Appointment for Applicant**



Numero ng TTY / TDD: 800-209-5446  
Libreng Numero: 877-501-2233

Numero ng ID ng Kliyente:

Natanggap namin ang inyong aplikasyon noong . Kailangan mong kumpletuhin ang isang panayam hanggang . Maari mo kaming tawagan sa 877-501-2233 o pumunta sa tanggapan. Ang oras ng aming panayam ay Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 8:00 a.m. at 3:00 p.m. maliban sa mga bakasyon ng estado. Lokasyon:

Kung wala kaming marinig mula sa'yo hanggnag , ang iyong aplikasyon para sa  Pangunahing Pagkain (Basic Food)  Cash (Cash) ay hindi tatanggapin.

Hindi tatanggapin ang inyong kahilingan para sa tulong kung walang panayam.

**Ito ay talaan ng mga bagay na maaring kailanganin mo para sa inyong panayam:**

- Numero ng Socool Security ng mga taong ini-aaplay mo
- Katunayan ng pagkamamamayan o katayuang legal na dayuhan tulad ng pasaporteng U.S., mga talaan ng kapanganakan, mga dokumento sa imigrasyon.
- Katunayan ng pagkakakilanlan tulad ng ID picture
- Katunayan ng kita gaya ng kopya ng mga tseke, mga stub ng tseke, mga sulat o mga pahayag mula sa sinumang nagbibigay ng pera sa inyong sambahayan
- Mga katunayan ng iyong mga mapagkukunan na maaring mayroon katulad ng rehistrasyon, mga pahayag ng bangko, mga stock, bono, mga polisa ng seguro sa buhay
- Katunayan ng mga gastusin para sa pangangalaga ng bata o pangangalaga ng dependent na matanda gaya ng resibo mula sa provider
- Patunay ng mga gastusin sa pabahay tulad ng mga bayad ng sangla, mga bayad ng buwis ng ari-arian, seguro ng mga may-ari ng bahay, mga resibo ng renta, kopya ng iyong pag-uupa, kopya ng iyong mga utility bill, sulat mula sa iyong landlord
- Iba pang mga katunayan tulad ng hindi nabayarang mga medical bill, mga premyum ng seguro ng kalusugan, pagbabago sa iyong imigrasyon o istado ng pagkamamamayan, pagbubuntis na may takdang petsa, tulong sa pag-adopt o mga bayad ng foster na pag-aalaga

Maari kang:

- Mag-apaly para sa mga benepisyo, magsumite ng pagsusuri, o mag-ulat ng pagbabago sa [www.washingtonconnection.org](http://www.washingtonconnection.org)
- I-fax ang impormasyon sa amin sa 888-338-7410

Isulat ang iyong ID ng kliyente sa lahat ng kopya na iyong ipapadala sa amin. Ang iyong ID ng kliyente ay . Upang makipag-ugnay sa isang tagapamahala ng kaso ng WorkFirst o manggagawang sosyal, tawagan ang . Tawagan ang 877-501-2233 upang iproseso ang isang aplikasyon o pagsusuri, mga pagbabago ng ulat, o mga pagtatanong.

Mangyaring tumawag kapag mayroon kang mga katanungan ukol sa sulat na ito.

(Mga) kalakip: DSHS 14-113 Mga Karapatan at Responsibilidad ng Kliyente



# Ang Iyong Mga Karapatan at Responsibilidad sa Tulong na Pera at Pagkain

**Your Cash and Food Assistance Rights and  
Responsibilities**

PANGALAN NG KLIYENTE (PADRE DE PAMILYA)

ID NUMBER NG KLIYENTE

## Ang Iyong Mga Responsibilidad (Dapat Mong)

- **Ibigay sa amin ang impormasyon na kailangan namin upang magpasiya kung karapat-dapat ka.**
- **Bigyan kami ng patunay kapag kinakailangan ito.** Maaari naming makuha ito para sa iyo. Napapailalim sa pagpapatunay ng mga opisyal ng pederal at estado ang impormasyong ibibigay mo sa departamento. Maaaring kasama sa pagpapatunay ang follow-up sa mga kontak mula sa mga kawani ng departamento kasama ang mga imbestigador ng pandaraya.
- Maaaring makaapekto sa pagiging karapat-dapat **ang iniulat na impormasyon sa Department of Social and Health Services** para sa saklaw ng pangangalaga ng kalusugang pinangangasiwaan ng Health Care Authority at ang Health Benefit Exchange.
- **Iulat ang mga pagbabago** (hal. address, kita, atbp.) na kinakailangan sa WAC 388-418-0005. Iulat ang mga ito sa ika-10 ng susunod na buwan.
- **Makipagtulungan sa Division of Child Support (DCS)** kung tatanggapin mo ang grant na TANF. Kailangan mong tulungan ang DCS na itatag, baguhin, o ipatupad ang suporta ng bata para sa (mga) bata sa iyong pangangalaga, at magtatag ng pagka-ama (kung kinakailangan). Maaari kang tumanggap ng makipagtulungan sa DCS kung maipakita mo na mayroon kang magandang dahilan upang maniwala na naglalagay sa iyo ang pakikipagtulungan sa DCS, sa iyong mga anak, o sa mga bata sa iyong pangangalaga ng panganib na makapinsala mula sa di-nangangalagang magulang.
- **Mag-apaly para sa** at gumawa ng may sapat na dahilang pagsisikap upang kumuha ng potensyal na kita mula sa ibang mapagkukunan kung humiling o tumanggap ka ng tulong na pera.
- **Kumpletuhin ang kinakailangang mga ulat at pagsusuri.**
- **Sundin ang kinakailangan ng trabaho** para sa tulong na pera at pagkain.
- **Sabihin sa amin** kung nais mong gamitin ng ibang tao ang iyong tulong sa pagkain sa iyong ngalan.
- **Makipagtulungan sa aming mga pagsusuri sa Kontrol ng Kalidad.**
- **Gamitin lamang ang tulong na pagkain** sa pagbili ng pagkain para sa iyong sambahayan.
- **Gamitin lamang ang tulong na pera** sa kapakinabangan ng mga miyembro ng iyong sambahayan.
- **Dapat kang magbigay ng Social Security Numbers (SSN)** o katayuan ng imigrasyon para sa mga taong nag-aaplay para sa tulong lamang. Kung pinili mong huwag magbigay ng mga SSN o katayuan sa imigrasyon para sa hindi nag-aaplay na mga miyembro ng sambahayan, dapat pa ring ma-verify ang lahat ng kita at mga mapagkukunan ng sambahayan, kung kinakailangan, upang matukoy ang pagiging karapat-dapat.

## Ang Iyong Mga Karapatan (Dapat Naming)

- **Tanggapin ang aplikasyon** kasama ng iyong pangalan, address, at lagda o pirma ng iyong awtorisadong kinatawan.
- **Tulungan kang punan ang mga form ng DSHS.**
- **Iproseso** ang iyong kahilingan para sa tulong sa pagkain sa loob ng 7 araw kung kwalipikado ka para sa pinabilis na serbisyo.
- **Bigyan ka ng resibo** kung hihiling kapag nagbigay ka ng mga dokumento.
- Bigyan ka ng nakasulat na desisyon, sa karamihan ng mga kaso, sa loob ng 30 araw.
- Maaari mong tanggihan ang makipag-usap sa isang **Fraud Early Detection (FRED)** na imbestigador mula sa Tanggapan ng Pandaraya at Pananagutan. Hindi mo kailangang papasukin ang imbestigador sa iyong bahay. Maaari mong hilingin sa imbestigador na bumalik sa ibang pagkakataon. Hindi ito makakaapekto sa iyong pagiging karapat-dapat para sa tulong.
- **Maari kang humiling ng isang pagdinig administratibo** kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyon na ginawa ng departamento sa iyong kaso. Maaari mo ring hilingin sa isang superbisor o administrador na repasuhin ang pinagtatalunang desisyon o pagkilos nang hindi naaapektuhan ang iyong mga karapatan sa isang administratibong pagdinig.
- **Kailangan naming ipaalam sa iyo** ang panuntunang takda na 60-buwan sa ilalim ng Temporary Assistance for Needy Families (TANF) na programa. Hindi nalalapat sa iyong Basic Food, o mga subsidyong pangangalaga ng bata ang takdang oras na ito.

## Mga Bagay na Dapat Mong Malaman Tungkol sa iyong EBT Card

- **Maling paggamit ng Mga Benepisyo:** Magbibigay sa DSHS ng kasaysayan ng mga transaksyon kung saan mo ginamit ang iyong mga benepisyo ang mga benepisyong pagkain at pera na ipinamamahagi sa pamamagitan ng EBT card. Gagamit ang kagawaran ng impormasyon sa transaksyon sa mga pagsisiyasat ng maling paggamit ng mga benepisyong tulong na salapi o ang pagpapalitan ng mga benepisyong tulong sa pagkain para sa pera o iba pang mga item na may halaga (trafficking).
- **Pagpapalit ng EBT card:** Maaari kaming maningil para sa pagpapalit ng EBT card. Panatiliing ligtas ang iyong EBT card at ang iyong personal na numero ng pagkakakilanlan (PIN).
- **Mataas na Balanseng EBT Card:** Kung hindi mo ginagamit ang iyong mga benepisyo para sa mga buwan sa isang pagkakataon o makaipon ng mataas na balanse pagkatapos ng ilang buwan, maaari kaming makipag-ugnay sa iyo upang suriin ang iyong sitwasyon o ang iyong pangangailangan para sa mga benepisyo.

### Mga Bagay na Dapat Mong Malaman (Pangunahing Pagkain)

- **Magpadala kami ng impormasyon** tungkol sa mga taong nag-aaplay para Pangunahig Pagkain sa ibang Pederal na mga ahensya upang suriin na tama ang impormasyon. Kung hindi tama ang anumang impormasyon, maaaring hindi makakuha ng Pangunahing Pagkain ang mga taong nag-aaplay. Kung magbibigay ng impormasyon ang isang tao na alam niyang hindi tama, maaari siyang isakdal ng kriminal. Nag-iiba mula sa diskwalipikasyon mula sa programa, sa mga multa, o posibleng pagkabilanggo ang mga parusa para sa sinasadyang pagsira ng mga panuntunan ng Pangunahing Pagkain.
- **Kung nagbebenta ka, magtangkang magbenta, ipagpalit o ihandog ang inyong tulong sa pagkain** para sa anumang bagay na may halaga tulad ng pera, mga gamot, mga armas, o anumang bagay maliban sa pagkain mula sa isang awtorisadong nagbebenta (trafficking), maaari kang madiskwalipika sa pagtanggap ng mga benepisyong tulong sa pagkain para pinakamababang panahon ng isang taon hanggang sa pinakamataas na habang buhay na pagkawala ng karapatan sa unang pagkakasala. Magpapatuloy kahit na umalis ka sa Estado ng Washington at mag-aaplay para sa mga benepisyo sa ibang estado ang diskwalipikasyon na ito.
- **Kung kinakailangan kang lumahok sa pangangailangan sa trabaho ng Pangunahing Pagkain**, at mabigong lumahok, maaari kang madiskwalipika ng isang buwan at hanggang sa sumusunod ka sa mga kinakailangan sa trabaho para sa unang kabiguan; at anim na buwan at hanggang sumunod ka sa pangalawang kabiguan; at anim na buwan at hanggang sumunod ka sa ikatlong pagkakataon at sa bawat pagkakataon pagkatapos nito.
- **Maaari maalis ka mula sa programa ng Pangunahing Pagkain** para paglabag ng alituntunin ng programa ng Pangunahing Pagkain tulad ng inilarawan sa babalang parusa ng Pangunahing Pagkain na nakalista sa pahinang ito.
- **Iulat ang mga gastusin sa sambahayan kung nais mong isama ng departamento ang mga gastos na ito para sa Pangunahing Pagkain.** Kung hindi ka mag-ulat at magbigay ng patunay ng mga gastos na ito, kung gayon sinasabi mo na ayaw mong gamitin namin ang mga gastusin na ito upang magpasiya kung maaari kang makakuha ng higit pang Pangunahing Pagkain.

### Mga bagay na Dapat Mong Malaman (Pera)

- **Sa pamamagitan ng pagkuha ng Temporary Assistance for Needy Families (TANF)** itinatalaga mo ang iyong karapatan sa anak at suporta sa asawa nga Division of Child Support. Nangangahulugan ito na maaaring suportahan ng DCS ang utang sa iyo, hanggang sa halaga ng tulong pampubliko na iyong natanggap. **Dapat mong sabihin sa kaagad sa DCS kung tumanggap ka ng mga pagbabayad ng suporta o mga benepisyo** para sa bata habang nasa TANF.
- **Kung tumigil kang tumanggap ng TANF** dapat mong sabihin sa DCS tungkol sa anumang pagbabago na nakakaapekto sa suporta ng bata, gaya ng bata na lumipat o nag-iba ang aking address.
- **Kung kumuha ka ng TANF, maari kang humiling ng sobrang salapi** upang makatulong para sa pansamantalang emerhensiyang mga gastos sa pabahay.

Alinsunod sa batas ng Pederal na karapatang sibil at alituntunin at polisa sa mga karapatang pantao ng US Department of Agriculture (USDA), ang USDA, mga ahensya nito, mga tanggapan, at mga empleyado, at mga institusyon na nakikilahok o nangangasiwa sa mga programa ng USDA ay pinagbabawalan mula sa pagtatangi batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian (kabilang ang pagpapahayag ng kasarian), sekswal na oryentasyon, kapansanan, edad, katayuan sa pag-aasawa, katayuan sa pamilya / kalagayan ng magulang, kiting nakuha mula sa pampublikong tulong na programa, mga paniniwala sa pulitika, o paghihiganti para sa naunang aktibidad ng karapatang sibil, sa anumang programa o aktibidad na isinagawa o pinondohan ng USDA (hindi nalalapat sa lahat ng mga programa ang lahat ng mga batayan). Iba-iba ayon sa programa ang mga takda ng mga remedyo at pagpa-file ng reklamo.

Ang mga taong may kapansanan na nangangailangan ng alternatibong paraan ng komunikasyon para sa impormasyon ng programa (hal. Braille, malalaking pag-print, audiotape, American Sign Language, atbp.) ay dapat makipag-ugnayan sa responsableng Ahensya o TARGET Center ng USDA sa (202) 720-2600 (boses at TTY) o kontakin ang USDA sa pamamagitan ng Federal Relay Service sa (800) 877-8339. Bukod pa rito, maaaring magamit sa mga wikang maliban sa Ingles ang impormasyon ng programa.

Upang mag-file ng reklamo sa diskriminasyon sa programa, kumpletuhin ang Form ng Reklamo sa Diskriminasyon ng Programang USDA, AD-3027, matatagpuan online sa [http://www.ascr.usda.gov/complaint\\_filing\\_cust.html](http://www.ascr.usda.gov/complaint_filing_cust.html) at sa anumang tanggapan ng USDA o magpadala ng sulat na naka-address sa USDA at isaad sa sulat ang lahat ng impormasyon na hiniling sa form. Upang humiling ng isang kopya ng form ng reklamo, tumawag sa (866) 632-9992. Isumite ang iyong nakumpletong form o sulat sa USDA sa pamamagitan ng:

1. Mail: U.S. Department of Agriculture  
Office of the Assistant Secretary for Civil Rights  
1400 Independence Ave, SW  
Washington, DC 20250-9410;
2. Fax: (202) 690-7442; o
3. Email: [program.intake@usda.gov](mailto:program.intake@usda.gov)

Isang pantay na pagkakataon na tagapagkaloob ang USDA, tagapag-empleyo, at tagapagpahiram.

Sa pamamagitan ng pagpirma sa ibaba, sinasabi ko na mayroon akong mga karapatan at responsibilidad sa pagtanggap ng mga benepisyo ng DSHS at ipinaliwanag sa akin ang mga programa. Naiintindihan ko na hindi ito nakakaapekto sa aking pagiging karapat-dapat kung ayaw kong lagdaan ang dokumentong ito ngunit may responsibilidad pa rin ako para sa mga kinakailangan sa programa at napapailalim sa programa o kriminal na mga parusa na nalalapat.

LAGDA NG APLIKANTE

PETSA

LAGDA NG CO-APPLICANT

PETSA